# *Tinatawag ka ng Dios*

***"1 At ang batang si Samuel ay nangangasiwa sa PANGINOON sa harap ni Eli. At ang salita ng PANGINOON ay mahalaga noong mga araw na yaon; walang hayag na pangitain. 2 At nangyari nang panahon na yaon, nang si Eli ay mahiga sa kaniyang dako, (ang kaniya ngang mata'y nagpasimulang lumabo, na siya'y hindi nakakita,) 3 At ang ilawan ng Dios ay hindi pa namamatay, at si Samuel ay nakahiga upang matulog, sa templo ng PANGINOON, na kinaroroonan ng kaban ng Dios; 4 Na tinawag ng Panginoon si Samuel: at kaniyang sinabi, Narito ako. 5 At siya'y tumakbo kay Eli, at nagsabi, Narito ako; sapagka't tinawag mo ako. At kaniyang sinabi, Hindi ako tumawag; mahiga ka uli. At siya'y yumaon at nahiga. 6 At tumawag pa uli ang PANGINOON, Samuel. At umangon si Samuel at naparoon kay Eli, at nagsabi, Narito ako: sapagka't ako'y tinawag mo. At siya'y sumagot, Hindi ako tumawag, anak ko; mahiga ka uli. 7 Hindi pa nga nakikilala ni Samuel ang PANGINOON, o ang salita man ng PANGINOON ay nahahayag pa sa kaniya. 8 At tinawag uli ng PANGINOON na ikaitlo. At siya'y bumangon, at naparoon kay Eli, at nagsabi, Narito ako; sapagka't ako'y iyong tinawag. At nahalata ni Eli na tinatawag ng PANGINOON ang bata. 9 Kaya't sinabi ni Eli kay Samuel, Yumaon ka, mahiga ka: at mangyayari, na kung tatawagin ka niya, ay iyong sasabihin, Magsalita ka, PANGINOON; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod. Sa gayo'y yumaon si Samuel at nahiga sa kaniyang dako. 10 At ang PANGINOON ay naparoon, at tumayo, at tumawag na gaya ng una, Samuel, Samuel. Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, Magsalita ka; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod." (1 Samuel 3:1-10 KJV)***

Ang Dios, paminsan-minsan, kahit na masasabi nating patuloy siyang tumatawag sa mga tao upang sambahin siya at paglingkuran Siya. Tinatawag niya dito si Samuel para sa isang layunin at dahilan. May mga tiyak na pagkakataon sa panahon ni Samuel na nagdikta at nagtakda sa pagtawag ng Dios kay Samuel, at gaya ng sumusunod:

***1. Noong araw na yaon ang Salita ng PANGINOON ay mahalaga: "At ang salita ng Panginoon ay mahalaga noong mga araw na yaon;" (1 Samuel 3:1 KJV)*** Bakit ang Salita ng Panginoon ay importante o mahalaga? Dahil wala ni isang mang nais makinig, sumunod at lumakad sa mga daan ng Panginoon. Kailan man makakita ang Dios ng mga taong handang makinig, saka Siya magsasalita, ngunit kapag ang mga tao ay nagpapabaya sa Dios at sa sinasabi Niya sa kanila, mananatiling tahimik ang Dios. Magsasalita ang Dios kapag ang mga tao ay mapagpakumbaba at hindi mayabang, tulad ng sinasabi ng Kanyang Salita. ***"9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan: at ituturo niya sa maamo ang daan niya." (Awit 25:9 KJV)*** Ang Dios ay nakikipag usap upang babalaan ang mga tao, ***"14 Sapagka't ang Dios ay minsang nagsasalita, Oo, makalawa, bagaman hindi pinakikinggan ng tao. 15 Sa isang panaginip, sa isang pangitain sa gabi, pagka ang mahimbing na pagkakatulog ay nahuhulog sa mga tao, sa mga pagkakatulog sa higaan; 16 Kung magkagayo'y ibinubukas niya ang mga pakinig ng mga tao, at itinatatak ang kanilang turo, 17 Upang ihiwalay ang tao sa kaniyang panukala, at ikubli ang kapalaluan sa tao;" (Job 33:14-17 KJV)*** Magsasalita ang Dios upang magbabala at nais Niyang makinig ang mga tao.

***2. Noong araw na iyon ay walang maraming pangitain: "ay walang hayag na pangitain." (1 Samuel 3:1 KJV)*** Bakit walang maraming pangitain o walang hayag na pangitain? Sa katuyanan ang Dios ay magbibigay ng malinaw na mga pangitain sa mga handang makinig at sumunod sa Kanyang Salita. * Samakatuwid kapag ang mga tao ay masuwayin at hindi handang makinig sa Dios kung gayon makikita mo silang walang pangitain. * At bilang bunga ng kawalan ng pangitain makikita natin ang mga tao na kumikilos sa walang kaayusan at walang plano. * Minsan makikita mong may mga tao na may kulang o maling pananaw; ito ay sa katunayang hindi pananaw ng Dios kundi ang kanilang sariling mga ambisyon at plano. * Sa isang suwail na salinlahi, hindi mo matatagpuan ang malinaw na mga pananaw sa kanilang mga buhay.

***3, Espirituwal na pagkabulag at kakulangan ng pagkilos: "2 At nangyari nang panahon na yaon, nang si Eli ay mahiga sa kaniyang dako, (ang kaniya ngang mata'y nagpasimulang lumabo, na siya'y hindi nakakita,)" (1 Samuel 3:2 KJV)*** Si Eli, na ang mga mata ay nagiging napakahina na halos di na siya makakita, ay inihiga sa kanyang karaniwang dako. Ito ay hindi lamang sumasalamin sa pisikal na kondisyon ng pari na mahina ang paningin, kundi isang simbolo ng mababang espirituwal na kalagayan ng katungkulan ng pagkapari. Gaya ng alam natin na ang mga anak ni Eli ay nalulong sa kasamaan, sapagkat tinatrato nila ang handog ng PANGINOON nang may pagwawalang-bahala, ***"12 Ngayo'y ang mga anak ni Eli ay mga hamak na lalake; hindi nila nakikilala ang PANGINOON. 13 At ang kaugalian ng mga saserdote sa bayan, ay, na pagka ang sinoma'y naghahandog ng hain, lumalapit ang bataan ng saserdote, samantalang ang laman ay niluluto, na may hawak sa kamay na pang-ipit na may tatlong ngipin; 14 At kaniyang dinuduro sa kawali, o sa kaldera, o sa kaldero, o sa palyok; at lahat ng nadadala ng pang-ipit ay kinukuha ng saserdote para sa kaniya. Gayon ang ginagawa nila sa Silo sa lahat ng mga Israelita na naparoroon. 15 Oo, bago nila sunugin ang taba, ay lumalapit ang bataan ng saserdote, at sinasabi sa lalake na naghahain, Magbigay ka ng lamang maiihaw para sa saserdote, sapagka't hindi siya tatanggap sa iyo ng lamang luto, kundi hilaw. 16 At kung sabihin ng lalake sa kaniya, Walang pagsalang kanila munang susunugin ang taba, at saka mo kunin kung gaano ang***

***nasain ng iyong kaluluwa; kaniya ngang sinasabi, Hindi, kundi ibibigay mo sa akin ngayon: at kung hindi ay aking kukuning sapilitan. 17 At ang kasalanan ng mga binatang yaon ay totoong malaki sa harap ng PANGINOON; sapagka't niwawalan ng kabuluhan ng mga tao ang handog sa PANGINOON." (1 Samuel 2:2-17 KJV)*** Hindi lamang iyon ngunit sila'y mga imoral, ***"22 Si Eli nga ay totoong matanda na; at kaniyang nababalitaan ang lahat ng ginagawa ng kaniyang mga anak sa buong Israel, at kung paanong sila'y sumisiping sa mga babae na naglilingkod sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan." (1 Samuel 2:22 KJV)*** Narinig ni Eli ang lahat ng tungkol sa mga bagay: ***"23 At sinabi niya sa kanila, Bakit ginagawa ninyo ang mga ganiyang bagay? sapagka't aking nababalitaan sa buong bayang ito ang inyong mga masamang kilos. 24 Huwag, mga anak ko; sapagka't hindi mabuting balita ang aking naririnig: inyong pinasasalangsang ang bayan ng PANGINOON. 25 Kung ang isang tao ay magkasala laban sa iba, ay hahatulan siya ng Dios; nguni't kung ang isang tao ay magkasala laban sa PANGINOON, sino ang mamamagitan sa kaniya? Gayon ma'y hindi nila dininig ang tinig ng kanilang ama, sapagka't inakalang patayin sila ng PANGINOON." (1 Samuel 2:23-25 KJV)*** Oo, kinausap niya sila at hindi sila tumugon sa kanya, ngunit wala siyang ginawang anumang bagay tungkol dito upang sawayin ang kanyang mga anak at patawan sila ng kaparusahan para sa kanilang mga kasalanan, kaya nagpasya ang Dios na hatulan siya sa pag aalis sa kanya mula sa dako at tanggapang itinalaga Niya para sa kanya at patawan siya at ang kanyang pamilya ng lahat ng pagdurusa gaya ng ipinabatid sa kanya sa pamamagitan ng lalaki ng Dios na ipinadala ng Panginoon sa kanya, ***"27 At naparoon ang isang lalake ng Dios kay Eli, at sinabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon, Napakita ba ako ng hayag sa sangbahayan ng iyong ama, nang sila'y nasa Egipto sa pagkaalipin sa sangbahayan ni Faraon? 28 At pinili ko ba siya sa lahat ng mga lipi ng Israel upang maging saserdote ko, upang maghandog sa aking dambana, upang magsunog ng kamangyan, at upang magsuot ng epod sa harap ko? at ibinigay ko ba sa sangbahayan ng iyong ama ang lahat ng mga handog ng mga anak ni Israel na pinaraan sa apoy? 29 Bakit nga kayo'y tumututol sa aking hain at sa aking handog, na aking iniutos sa aking tahanan, at iyong pinararangalan ang iyong mga anak ng higit kaysa akin, upang kayo'y magpakataba sa mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na aking bayan? 30 Kaya't sinasabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Aking sinabi nga na ang iyong sangbahayan, at ang sangbahayan ng iyong ama, ay lalakad sa harap ko magpakailan man: nguni't sinasabi ngayon ng PANGINOON, Malayo sa akin; sapagka't yaong mga nagpaparangal sa akin ay aking pararangalin, at yaong mga humahamak sa akin ay mawawalan ng kabuluhan. 31 Narito, ang mga araw ay dumarating, na aking ihihiwalay ang iyong bisig, at ang bisig ng sangbahayan ng iyong ama, upang huwag magkaroon ng matanda sa iyong sangbahayan. 32 At iyong mamasdan ang kadalamhatian sa aking tahanan, sa buong kayamanan na ibibigay ng Dios sa Israel; at mawawalan ng matanda sa iyong sangbahayan magpakailan man. 33 At ang lalaking iyo, na hindi ko ihihiwalay sa aking dambana, ay magiging upang lunusin ang iyong mga mata at papanglawin ang iyong puso; at ang madlang mararagdag sa iyong sangbahayan ay mamamatay sa kanilang kabataan. 34 At ito ang magiging tanda sa iyo, na darating sa iyong dalawang anak, kay Ophni at kay Phinees: sa isang araw, sila'y kapuwa mamamatay. 35 At ako'y magbabangon para sa akin ng isang tapat na saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa aking puso at nasa aking pagiisip: at ipagtatayo ko siya ng panatag na sangbahayan; at siya'y lalakad sa harap ng aking pinahiran ng langis, magpakailan man." (1 Samuel 2:27-35 KJV)*** Makinig simbahan; kapag nabigo nating disiplinahin ang ating pamilya, anak, alagad at mga manggagawa kung gayon pinapasiklab natin ang galit ng Dios laban sa atin. Samakatuwid, kailangan nating ipatupad ang disiplina nang maayos at harapin ang kasalanan at ang mga nagkakasala upang ang galit ng Dios ay mailayo sa atin.

***4. Mayroon dapat tumayo para sa Dios:*** Sa ganitong tiwaling sistema, dapat ibalik ang batas ng Dios at isagawa ito sa realidad at ilapat sa buhay ng mga tao. ***"3 At ang ilawan ng Dios ay hindi pa namamatay, at si Samuel ay nakahiga upang matulog, sa templo ng Panginoon, na kinaroroonan ng kaban ng Dios;" (1 Samuel 3:3 KJV)*** Tiyak gagawa ang Dios ng paraan upang ibalik ang mga bagay sa kung anong nararapat. Kaya't nang naroon si Samuel at natagpuan ng Dios sa kanya ang mga katangiang hinahanap Niya, tinawag Niya siya.

Mababasa natin sa Banal na Kasulatan, ***"ang batang si Samuel"***, kapag pinag usapan natin ang tungkol sa isang batam ang ibig nating sabihin ay mga bagay na maari nating makita at matagpuan sa isang bata. Sinabi ni Jesus, ***"3 At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit." (Mateo 18:3 KJV)*** Sa isang bata o isang batang lalaki makikita natin ang sumusunod:

***A. Malinis at dalisay na puso:*** Sa puso ng bata dapat walang malisya, walang politiko at walang manipulasyon. Para tawagin ka ng Dios, nais Niyang makita ang parehong bagay sa iyong buhay at puso. Nais ng Dios na tayo'y maging dalisay sa layunin at sa mga hangarin ng ating mga puso ay marangal at malinis. Nais ng Dios sa isang tao na may malinis na puso upang maipakita Niya ang nasa Kanyang puso sa kanya.

***B. Pananampalataya at buong pagtitiwala sa Dios:*** Kapag nakipag usap ka sa isang bata maniniwala siya sa lahat ng bagay na sasabihin mo sa Kanya. Sa parehong paaan nais ng Dios sa atin na magkaroon ng tunay na

pananampalataya at buong pagtitiwala sa Kanya: Nais ng Dios sa iyo na maniwala sa Kanya kahit sa mga imposible.

***C. Buong dedikasyon sa Dios:*** Inialay si Samuel ng kanyang ina sa Panginoon. Ang kanyang ina ay baog at ipinangako niya sa Panginoon na kung bibigyan Niya siya ng anak, ihahandog niya ito sa Panginoon. * Nais ng Dios ang mga taong may lubos na pangako sa Kanya at maglingkod sa Kanya nang buong puso. Magandang punto rito para sa mga magulang; na kailangan ninyong ihandog ang inyong sarili at ang inyong mga anak sa Panginoon; na ang inyong mga anak ay lumaki sa kaalaman at pagkatakot sa Dios. * Lahat tayo ay nais ng magandang kinabukasan para sa ating mga anak. Nais nating maging masagana at matagumpay sila sa kanilang buhay, kaya kailangan nating palakihin sila sa presensya ng Dios at ang Panginoon mismo ay pagpapalain at pagyayamanin sila. Tunay na kung ating gagawin iyon, sila'y lalago sa karunungan at katayuan at sa pagpapala ng Dios at ng mga tao. * Ang salita ng Dios ay nagtuturo sa atin ng mga sumusunod: ***"6 Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6 KJV)*** Ang kinabukasan ng ating mga anak ay nasa ating kamay kaya kailanagan nating maging tapat sa ipinagkatiwala ng Dios sa atin.

Sinong mag iisip na ang batang si Samuel isang araw siya ay magiging pinuno, ang tagahatol at ang tagapamagitan na gagamitin ng Dios upang iligtas ang Israel. Ang katulad para sa iyo ngayon, Tinatawag ka ng Dios na gawin ang isang bagay para sa Kanya, at nais niya na maging handa ka at tumugon sa pagtawag Niya.

Patuloy na tatawagin at hihirangin ng Dios ang mga tao upang malaman ang Kanyang kalooban at makita ang Mismong matuwid at marinig ang mga Salita mula sa Kanyang bibig. Tatawagin Niya sila upang maging Kanyang saksi sa lahat ng tao ng kung anong kanilang narinig at nakita. Tinatawag ng Dios ang mga tao dahil balang araw mayroong kailangang gumanap ng gawain nang tapat at mahusay upang ang Kanyang pangalan ay luluwalhatiin at itataas. Tinawag ng Dios si Samuel nang ang mga bagay sa Israel ay namali at sa direksyong hindi nais ng Dios. Sa panahong iyon, ang Dios ay naghahanap ng isang tao na magiging bibig at trumpeta ng Dios upang ipahayag ang Kanyang buong kalooban sa mga tao.

Noong panahong iyon, natagpuan ng Dios si Samuel at tinawag siya. Siya ay isang munting bata, ngunit hindi mahalaga ang edad ng isang tao. Ang mahalaga ay ang kanyang pagtugon sa tawag ng Dios at ang kanyang pagkakaroon ng pagsisikap na magbago, magkaroon ng mabubuting katangian at tanggapin ang mga pananagutan na magdadala ng pagbabago. Tinatawag ng Dios ang mga tao anuman ang kanilang edad. Tinatawag Niya ang mga kabataan at ito ang sinasabi ng Salita ng Dios sa atin. ***"12 Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan." (1 Timoteo 4;12 KJV)*** Tinawag ng Dios dito si Samuel habang Siya ay isang bata. Hindi mahalaga ang edad ng isang tao, ngunit kung siya ay handang sumunod at tumalima, ang pagpili ng Dios sa kanya ay magiging mabunga. Tinawag ng Dios si David, Jeremias, Daniel, at Timoteo habang silang mga bata pa sa gulang at sila'y tumugon sa tawag ng Dios.

Maari ring tawagin ng Dios ang mga tao na matatanda na. Halimbawa, tinawag ng Dios si Moises nang siya ay matanda na. Si Moises ay walumpung taong gulang nang tawagin siya ng Dios at ipinagkatiwala sa kanya ang isang malaking gawain upang iligtas ang Kanyang bayan at akayin sila palabas ng lupain ng pagkaalipin. Tinawag ng Dios si Abraham sa edad na pitongpu't limang taon para sa isang mahabang paglalakbay ng pananampalataya, at tinawag si Noe sa edad na limang daang taon upang gumawa ng isang malaking arko para sa Dios.

Nang tinawag ng Dios si Samuel gaya ng binasa natin sa ***1 Samuel 3.*** Tinawag Niya siya sa kanyang pangalan. Ang mauunawaan natin dito kapag tinawag ng Dios ang isang tao. Hindi Niya siya tinatawag ng walang katiyakan kundi tinatawag Niya siya sa kanyang pangalan. Kapag tinatawag tayo ng Dios Tinatawag Niya tayo nang tiyak at sa ating mga pangalan: ***"6 Ako, ang PANGINOON, ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at hahawak ng iyong kamay, at magiingat sa iyo, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga bansa;" (Isaias 42:6 KJV)*** Gayundin mababasa natin ang sumusunod nang tinawag ng Dios si Jacob na tinawag Niya siya sa kanyang pangalang; Israel at Jacob: ***"8 Nguni't ikaw, Israel, lingkod ko, Jacob na siyang aking pinili, na binhi ni Abraham na aking kaibigan; 9 Ikaw na aking hinawakan mula sa mga wakas ng lupa, at tinawag kita mula sa mga sulok niyaon, at pinagsabihan kita, Ikaw ay aking lingkod, aking pinili ka at hindi kita itinakuwil; 10 Huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka't ako'y iyong Dios; aking palalakasin ka; oo, aking tutulungan ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran." (Isaias 41:8-10 KJV)*** Ang katulad mababasa rin natin sa ***Isaias 43:1*** na tinatawag ng Dios si Jacob sa kanyang pangalan, ***"Nguni't ngayo'y ganito ang sabi ng PANGINOON na lumalang sa iyo, Oh Jacob, at naganyo sa iyo, Oh Israel, Ikaw ay huwag matakot, sapagka't tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin."*** Makinig, Ang pagtawag ng Dios ay tiyak para sa iyo at sa iyong pangalan.

Hindi batid ni Samuel nang tinatawag Siya ng Panginoon. Sa unang tatlong pagkakataon na tinatawag siya ng Dios, siya ay nagmamadali patungo kay Eli, ang pari, na iniisip na ang paring si Eli ang tumatawag sa kanya. Napagtanto ng pari na si Eli na ang Dios ang tumatawag kay Samuel kaya inutusan siya kung ano ang dapat niyang gawin. ***"8 At tinawag uli ng PANGINOON na ikaitlo. At siya'y bumangon, at naparoon kay Eli, at nagsabi, Narito ako; sapagka't ako'y iyong tinawag. At nahalata ni Eli na tinatawag ng PANGINOON ang bata. 9 Kaya't sinabi ni Eli kay Samuel, Yumaon ka, mahiga ka: at mangyayari, na kung tatawagin ka niya, ay iyong sasabihin, Magsalita ka, Panginoon; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod. Sa gayo'y yumaon si Samuel at nahiga sa kaniyang dako." (1 Samuel 3:8-9 KJV)*** Minsan iniisip mo na tinatawag ka ng mga tao at iniisip mo na ang iyong paglilingkod ay nakatuon sa mga tao ngunit iyon ay hindi tama. Lumapit ang Dios kay Samuel ng tatlong beses, at sa tuwing tinatawag Niya siya ng dalawang beses sa kanyang pangalan tulad ng mababasa natin dito, ***"10 At ang PANGINOON ay naparoon, at tumayo, at tumawag na gaya ng una, Samuel, Samuel. Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, Magsalita ka; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod." (1 Samuel 3:10 KJV)*** Kaya sa kabuuan walong beses na tinatawag ng Dios si Samuel sa kanyang pangalan. Makinig ka, ang tinig ng Dios at ang pagtawag ng Dios ay nasa likod ng iyong paglilingkod at sa lahat ng iyong ginagawa. Ang katawagan mo ay nasa gitna ng mga espirituwal at relihiyosong kabiguan, at nais ng Dios na gawin sa pamamagitan mo ang tiyak na masusi at kritikal na pagbabago. Ikaw ay tinawag na tuparin ang layunin ng Dios sa iyong henerasyon. Huwag kang mag-atubili, huwag matakot, at huwag magduda, sa halip ay sabihin mo sa Dios, ***"Magsalita ka; sapagka't dinirinig ng iyong lingkod."***

Maaaring may espiritwal na pagkabulag sa paligid mo, at iyon ang dahilan kung bakit hindi mo alam ang iyong katawagan at kung ano ang nais ng Dios sa iyo bilang tao at kung ano ang dapat mong gawin. Ngunit dapat mo nang malaman iyon ngayon, at marinig at makilala ang Kanyang tinig sa gitna ng walang kaayusan at kalituhan na nangyayari sa paligid mo. Maaaring ikaw ay pinipigilan ng mga nakapaligid na relihiyoso at di-relihiyosong sistemang pangdaigdig na bahagi ka. Ngunit ngayon dapat kang maging mapagmatiyag na may buong pananampalataya at pagtitiwala sa Dios na Siya na tumawag sa iyo ay tapat at makakapagbigay ng suporta, magsasanay, at poprotekta sa iyo. ***"19 At si Samuel ay lumalaki at ang PANGINOON ay sumasakaniya, at walang di pinapangyari sa kaniyang mga salita. 20 At nakilala ng buong Israel mula sa Dan hanggang sa Beer-seba na si Samuel ay itinatag na maging propeta ng PANGINOON. 21 At napakilala uli ang PANGINOON sa Silo, sapagka't ang PANGINOO'y napakilala kay Samuel sa Silo sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON." (1 Samuel 3:19-21 KJV)*** Habang ang Panginoon ay sumasa kay Samuel at nagbigay lakas at nagprotekta sa kanya, Siya rin ay sumasa iyo at tutulungan ka Niya sa pamamagitan ng Kanyang biyaya upang tuparin ang mga ipinag-uutos Niya sa iyo na gawin at maging. At sa wakas, makikilala ng mga tao na tinatawag ka ng Dios at ikaw ay magkakaroon ng patunay para sa ministeryong ipinagkatiwala Niya sa iyo. Patuloy na ipakikilala sa iyo ng Dios ang Kanyang sarili at ang mga hakbang na nais Niyang tahakin mo, sa pamamagitan ng Kanyang Salita na iyong binabasa sa Biblia. Kaya ikaw ay gagabayan ng Banal na Espiritu at tuturuan ng Kanyang Salita, sa pag-usad upang tuparin ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Huwag kang matakot sa mga maling bagay na nangyayari sa paligid mo, hindi ka iiwan o pababayaan ng Panginoon. May magandang plano ang Dios para sa iyo upang magtagumpay ka. Isinugo ng Dios ang Kanyang Anak na si Panginoong Jesus na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang iligtas tayo at bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Magtiwala ka sa Kanya nang buo at tanggapin ang Kanyang pagtawag sa iyong buhay, sapagkat ito ang iyong pagpapala mula sa Kanya. Samakatuwid, sabihin mo sa Kanya, Magsalita ka, O Panginoon; sapagkat nakikinig ang iyong lingkod. Tumayo na tayo ngayon sa Kanyang presensya, sabihin mo sa Diyos. ***"Magsalita ka Panginoon; sapagkat dinirinig ng iyong lingkod"***,________________________________________, Makinig sa Dios ngayon at kung ano ang nais Niyang sabihin sa iyo at sa ministeryo at sa mga gawain na nais Niya na gawin mo para sa Kanya, ……………… ……………………………… , Manalangin tayo…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon Ipinangako ko ang aking buhay at ang aking mga landas sa iyong kamay, gawin mo akong isang tao na nais mong maging. Panginoong Jesus sa pagkamatay mo sa krus para sa aking mga kasalanan Narito ako ngayon, Iniaalay ko ang aking sarili at tumutugon sa iyo nang may buong pagtitiwala, pananampalataya at pagsuko ng aking buhay at ng aking kalooban sa iyong kamay. Magsalita ka, PANGINOON; sapagkat dinirinig ng iyong lingkod. Panginoon kunin at hubugin mo ako sa paraang nais mong maging at tulungan mo akong manindigan at gawin ang tungkulin na ipinagkatiwala mong gawin ko, itong lahat ang aking hiling at panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Ngayon ay magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kawalang pampalataya at kawalang tiwala sa Dios. Magsisi sa iyong mga pagdududa, takot, at katigasan ng ulo. Magsisi sa iyong katiwalian, pagiging makamundo, at pagibig sa salapi. Magsisi sa iyong pagnanasa at mga immoralidad. Magsisi sa iyong kasakiman. Magsisi sa iyong kawalang kayang manindigang matatag at maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Magsisi sa iyong kakulangan ng takot sa Dios at sa*

*pamumuhay at paggawa ayon sa iyong sariling mga pamamaraan, kalooban, at mga plano. Magsisi sa iyong pagiging makamundo at sa pagkkikisama sa mga hindi mananampalataya at sa maraming kaibigan. Magsisi sa pagsasayang ng iyong panahon at pagsira ng iyong isipan sa Media. Magsisi sa iyong kakulangan ng pagbabasa ng Salita ng Dios sa Bibliya at pag-aaral ng Kasulatan, at ang iyong kakulangan sa pananalangin. Panginoon, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan ___________________.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagtakda na tumugon sa iyong tawag sa kanilang buhay. Panginoon, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu, bigyan mo sila ng mga espiritwal na kaloob na kailangan nila sa kanilang ministeryo at ng iyong Salita upang ipahayag kung sino ang iyong ipinapadala. Panginoon, protektahan mo sila at bigyan ng lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan kami bilang iyong simbahan na patuloy na ipalaganap ang iyong Salita at ipahayag ang iyong kalooban sa mga taong nakapaligid sa amin at sa ilalim ng aming pangangalaga. Panginoon tulungan kami na manindigang matatag laban sa lahat ng katiwalian at pakikikompromiso na malawak na lumaganap, at patnubayan kaming dalhin ang kaibahan na nais mong makita sa iyong simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at patnubayan kami at paging dapatin kaming abutin ang bagong mga tao, gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin ko para sa maraming taong mabautismuhan ng tubig, at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon pagpalain kami at dagdagan ang lahat ng aming paglilingkod, at ihanda kami para iyong pagbabalik na makakasama mo kami kapag bumalik ka upang kunin kami. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com